10

**Republic of the Philippines**
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO 10 (Ikaapat na Markahan-USLeM 6)


**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Jose L. Pertes Jr, Teacher I, MNHS - Tunasan Annex |
| **Tagaguhit:** | Jose L. Pertes Jr, Teacher I, MNHS - Tunasan Annex |
| **Tagalapat:** | Jose L. Pertes Jr, Teacher I, MNHS - Tunasan Annex |
| **Manunulat ng LAS:** | Jose L. Pertes Jr, Teacher I, MNHS - Tunasan Annex |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Nelia G. Abejar, Head Teacher V, MNHS-Main |
| **Tagasuri ng Wika:** | Mary Ann O. Wijetunge, Master Teacher I, MNHS-Main |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Dominico C. Idanan, CESO V, SDS SDO-Muntinlupa City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Madeline Ann L. Diaz, CID Chief, SDO-Muntinlupa City<br>Dr. Ma. Gloria G. Tamayo, Regional EPS, Filipino<br>Dr. John Albert B. Colle, EPS-Filipino, SDO-Muntinlupa City<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Dr. Gina U. Urquia, LR EPS SDO-Muntinlupa City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Cecilia A. Ilarde, Librarian SDO-Muntinlupa City |



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

| ARALIN 6 | Si Padre Florentino<br>Mga Salitang Nagpapahayag ng Saloobin/Damdamin |
|---|---|

## INAASAHAN

Sa modyul na ito ay magaganap ang iyong pagkatuto. Dama ko ang iyong pananabik sa susunod nating aralin, kaya naman handog ko ang mga gawaing tiyak na lilinang sa iyong kaisipan at kasanayan.

Sa pagtatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nakasusulat ng kaisipang namayani sa pinanood na bahagi ng akdang binasa gamit ang mga angkop sa salitang naghahambing **(F10PU-IVg-h-88)**

2. Nakapaglalahad ng sariling mga paniniwala at pagpapahalaga gamit ang angkop ng mga salitang hudyat sa pagpapahayag ng saloobin/damdamin kaugnay ng mga kaisipang namayani sa akda **(F10WG-IV-e-80)**

3. Naipaliliwanag ang kahulugan ng mga salitang hiram sa wikang Espanyol **(F10PT-IV-g-85)**

4. Naiuugnay ang ilang pangyayari sa akda sa kasalukuyan **(F10PB-Ivh-I-92)**

## UNANG PAGSUBOK

**Panuto:** Tukuyin kung anong salooobin o damdaming nangingibabaw mula sa mga pahayag ni Padre Florentino sa pag-uusap nila ni Simoun. Isulat ang letra ng tamang sagot.

____1. "Nasaan ang kabataang mag-aalay ng kanilang pinakamahalagang panahon sampu ng kanilang mga pangarap alang-alang sa kapakanan ng lupang tinubuan."

A. pagkabahala C. pagkalungkot
B. pagtitiwala D. panunumbat

____ 2. "Sapagkat ang pamamaraang pinili mo ay di-sinang-ayunan ng Diyos. Dapat mong unawain na hinding-hindi niya mapapayagan ang pagkawasak sa lipunan na maghahatid sa iyo sa kadakilaan."

A. pagpapaunawa C. pagtutol
B. pagpapanggap D. pagsang-ayon

____3. "Isang makatarungang Bathala, Señor Simoun. Isang Panginoong nagpaparusa sa nawala nating pananampalataya sa Kaniya at sa nawala din nating paninindigang lumayo sa isang libo at isang buting niyakap natin sa tuwi-tuwina."
A. pagtitiyak
B. pagkabahala
C. paglalathala
D. pangangatuwiran

____4. "Diyos ko Señor Simoun. napatalikod lang ako sandali ay wa… wala nang laman ang botelya"
A. pagtutol
B. pagsasalaysay
C. pagsisisi
D. pag-aalala

____5. "Patawarin ka ng Panginoon Señor Simoun. Tandaan mong alam ni Bathala na may kahinaan tayong humila sa atin pababa subalit ang Panginoon ding nakatunghay sa mga krus na ating binaligtad sa materyal na sandaigdigang ating ginalawan"
A. paglalahad
B. pangangaral
C. pagpapaalala
D. pagkadismaya

## BALIK-TANAW

**Panuto**: Ilahad ang mga kaisipang nakapaloob sa aralin. Isulat sa talahanayan.

| Si Isagani | |
|---|---|
| Mahahalagang pangyayari | |
| Kaisipan sa akda | |
| Aral na natutuhan | |

## MAIKLING PAGPAPAKILALA SA ARALIN




**BASAHIN MO**

### Kabanata XXXIX
### Si Padre Florentino

Isa si Padre Florentino sa mga pasaherong nasa itaas na bahagi ng Bapor Tabo. Subalit ninais niyang manatili sa ilalim ng kubyerta sapagkat ayaw niyang makasama ang mga prayle at si Donya Victorina. Iniiwasan niyang tanungin siya ng babae tungkol sa kaniyang asawang si Don Tiburcio de Espadaña.

Napilitan siyang magpari dahil sa pakiusap ng kaniyang ina. Bagaman labag sa kaniyang kalooban. Gayunpaman ay ginampanan niya nang buong puso ang kaniyang tungkulin. Siya rin ang amain ni Isagani.

Si Padre Florentino ay nagmula sa mayamang angkan. Sa edad na dalawampu't lima, siya ay nagkaroon ng kasintahan subalit nanaig ang nais ng kaniyang ina na siya ay magpari. Makalipas ang ilang taon, namatay ang kaniyang ina at nagpakasal naman ang kaniyang kasintahan. Ito ang naging dahilan kung bakit laging tahimik ang butihing pari. Nanirahan siya kasama ang pamangking si Isagani sa lupang minana niya sa kaniyang ina. Nag-iisa ang bahay ni Padre Florentino sa baybay-dagat. Mapapansin na lagi siyang nakadungaw sa bintana at nakatanaw sa malayo. Nakaugalian na ng pari na libangin ang kaniyang sarili sa pamamagitan ng pagtugtog ng malulungkot na awitin gamit ang kaniyang *armonium*.

Nagmamadaling umalis si Don Tiburcio de Espadaña sa tahanan ni Padre Florentino, sapagkat nakatanggap ang pari ng liham mula sa tenyente ng mga guwardiya sibil na nagsasabing darating sila upang hulihin ang kaniyang kaibigang nanunuluyan sa kaniyang tahanan. Ipinagpalagay ni Don Tiburcio na nalaman na ni Donya Victorina ang kaniyang pinagtataguan at ipahuhuli siya.

Natitiyak ni Padre Florentino na ang pakay ng mga guwardiya sibil ay hindi si Don Tiburcio, kundi si Simoun. Si Simoun ay dumating sa kaniyang tahanan na may dalang maleta, duguan, sugatan, malungkot, at anyong pagod na humihingi ng kalinga. Buong pusong tinanggap ni Padre Florentino ang sugatan at ipinaayos ang kaniyang sariling silid upang magamit ni Simoun.

Maraming tanong ang nabuo sa isipan ng butihing pari tungkol sa nangyari kay Simoun, subalit nang tinanong niya ito ay hindi tumugon ang lalaki. Dalawang araw ding inalagaan ni Don Tiburcio si Simoun hanggang sa dumating ang liham mula sa tenyente ng guwardiya sibil. Ipinaalam ng pari kay Simoun ang nilalaman ng liham at tinanong kung ano ang kaniyang gagawin sakaling dumating ang mga guwardiya sibil.

Walang malinaw na sagot si Simoun kundi isang mapangutyang ngiti. Naisip na lamang ni Padre Florentino na ang taong dating makapangyarihan ay kasalukuyang nasa kaniyang harapan at nasa kaawa-awang kalagayan.

Nagbalik sa kaniyang alaala ang dating paglapit niya kay Simoun upang humingi ng tulong na mapalaya si Isagani. Pagwawalang-bahala ang nakita niya kay Simoun. Naalaala rin niya nang pinagmadali ni Simoun ang pagpapakasal ni Juanito Pelaez kay Paulita Gomez, ang kasintahan ni Isagani. Dinamdam iyon ni Isagani at nagdulot ng sakit sa kaniyang pamangkin na labis niyang ikinabahala. Nawala lahat ng hinanakit ng kura kay Simoun nang mga sandalling iyon. Ninais niyang itago si Simoun sa mga guwardiya sibil subalit iniisip ni Padre Florentino kung nararapat niyang iwasan ang atas ng katarungan.

Matamang nag-iisip si Padre Florentino nang lapitan siya ng kaniyang utusan at sinabing nais daw siyang makausap ni Simoun. Pumasok siya sa silid at umupo sa tabi ng nanghihinang panauhin.

Nagulat si Padre Florentino sa nakitang bote ng lason sa kamay ni Simoun. Ninais ng pari na kumuha ng gamot bilang panlunas sa pagkalat ng lason sa katawan ng lalaki subalit pinigilan siya nito. Sinabi nitong huwag na siyang mag-aksaya pa ng oras dahil hindi siya pahuhuli nang buhay, at ang tanging nais niya ay ang mangumpisal sa pari bago tuluyang mamatay. Lumuhod na lamang si Padre Florentino sa tabi ni Simoun at iginawad ang sakramento ng pagpapatawad. Napakahaba ng naging pag-uusap ng dalawa hanggang sa tuluyan nang bawian ng buhay si Simoun.

Nagdasal si Padre Florentino para sa kaluluwa ng namayapa. Kinuha niya ang maleta ni Simoun na puno ng kayamanan. Nagtungo siya sa dagat at nagpasiyang itapon ang maleta. Naisip niyang mabuti pang manatili sa kailaliman ng dagat ang kayamanan kaysa mapunta ito sa maling mga kamay at maghahasik ng kasamaan.

(Para sa mas malalim na pag-unawa bisitahin ang link na ito.)

https://www.youtube.com/watch?v=21xKqJoDfKo

**Pag-unawa sa Pagbasa:**

1. Sino si Padre Florentino? Ano-ano ang pinagdaanan niya sa buhay na nakapagpalungkot sa kaniya?
2. Ano ang nilalaman ng liham? Sino ang taong nanunuluyan sa kanila na agad ding umalis pagdating ng isang liham?
3. Ano ang naging reaksyon ni G. Simoun sa liham na natanggap ng pari?
4. Paano winakasan ni G. Simoun ang kaniyang buhay?

5. Ano ang sinisimbulo ng paghagis ni Padre Florentino ng maleta ni Simoun sa dagat?

## MGA GAWAIN

### Gawain 1

**Panuto:** Piliin ang mga salitang Espanyol na tinutukoy sa bawat bilang. Isulat ang letra ng wastong sagot.

A. Armonium
B. Kubyerta
C. Guwardiya sibil
D. Maleta
E. Prayle

____1. Isa sa mga miyembro ng misyonaryo na nagpasimula ng Katolisismo sa ating bansa.

____2. Isa itong estruktura ng isang sasakyang pandagat tulad ng bapor na karaniwang nasa mataas na bahagi.


____3. Isang uri ng bagahe. Kadalasan itong pantay na hugis parihaba na may bilugang gilid, yari sa metal, matigas na plastik, tela o *vinyl* o balat na nagpapanatili sa hugis nito.

____4. Sinaunang puwersang tagapamayapa at puwersang tagapagpatupad ng batas noong panahon ng pananakop ng mga kolonyalistang Kastila.

____5. Isa itong uri ng instrumentong pangmusikang ginagamit upang maibsan ang kalungkutan.

### Gawain 2

Sa pamamagitan ng ***Thinking Graphic Oranizer*** ay ipakita ang pagkamakatotohanan ng akdang binasa. Pumili ng mga pangyayari mula sa araling tinalakay na maiuugnay sa mga pangyayari sa kasalukuyang panahon. Ang unang grapiko ay ginawa na para sa iyo.



## Gawain 3

Ipagpalagay na ikaw ay isang mananalumpating inanyayahang magbigay-linaw ukol sa isang paksa. Ipahahayag mo ang iyong sariling paniniwala at pagpapahalaga gamit ang angkop na mga salitang hudyat sa pagpapahayag ng saloobin/damdamin.

**Paksa:** "Ang karunungan ay kayamanang pinalalago para sa katarungan at kalayaan."

Gamiting gabay ang pamantayan para sa iyong gagawin.

| Pamantayan sa pagmamarka | |
|---|---|
| Nilalaman | 30% |
| Kaisahan | 20% |
| Paraan ng pagbigkas (Tinig, emosyon) | 30% |
| Orihinalidad | 10% |
| Hikayat sa madla | 10% |
| **Kabuuan** | **100%** |

## TANDAAN

1. Lahat ng tao ay may natatagong lihim na pagkatao at nabubunyag sa tamang panahon.
2. Ang pangungumpisal at pagbabalik-loob ay mabuting gawain ng isang tunay na nananampalataya sa Panginoon.
3. Likas sa tao ang pagpapahayag ng saloobin o damdamin. Sa paraan ng ating pakikipagtalastasan nagagamit ang mga hudyat ng emosyon o damdamin.

**Wika: Mga Salitang Nagpapahayag ng Saloobin/Damdamin**

Likas sa tao ang pagpapahayag ng saloobin. Makikita agad sa mga pahayag ang damdaming namamayani sa isang tao. Bawat salitang binibitawan ay nagsisilbing hudyat sa emosyong nararamdaman.

May mga paraan sa pagpapahayag ng damdamin. Sa pamamagitan ng bantas na padamdam (!), naipapahayag natin ang matinding damdamin tulad ng pagkainis, matinding galit, paghanga, tuwa, papuri, takot, at iba pa.

*Mga Halimbawa:*

1. Patawarin ka ng Diyos! Anak lagi mong tatandaan na ang buhay ay hindi laging masaya, minsan ay kailangan din nating makaranas ng sakit upang matuto hindi upang magtanim ng poot. (pagpapaalala)
2. Magtiis! Gumawa? Madaling sabihin 'yan kapag nagtitiis… ang gumagawa ay ginagantimpalaan? Kung nakita ninyo ang mga nakita kong maralita, mga kahabag-habag na nagtiis ng katakot-takot. (pagkabahala)


## PAG-ALAM SA NATUTUHAN

**Panuto:** Gamit ang grapikong Venn Diagram panuorin ang isang link mula sa youtube at iugnay sa araling tinalakay gamit ang mga angkop na salitang naghahambing,
Halimbawa: Nagkakapareho, Nagkakatulad, Nagkakahawig, at iba pa.
https://www.youtube.com/watch?v=a2lv_Xl1e4U



Thai Ads - THE DREAM

Napanood sa YouTube | Kabanata XXXIX



______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto:** Isulat sa patlang ang **TAMA** kung wasto ang pahayag at **MALI** kung hindi wasto.

_______1. Ayaw ni Padre Florentino na makasama sa gawing itaas ang iba pang prayle at si Donya Victorina.

_______2. Ang kamatayan ng kaniyang naging kasintahan ang dahilan ng laging pananahimik ni Padre Florentino.

_______3. Kagustuhan ng ama ni Padre Florentino na siya ay maging pari.

_______4. Nakaugalian na ng pari na libangin ang kaniyang sarili sa pamamagitan ng pagtugtog ng malulungkot na awitin gamit ang kaniyang gitara.

_______5. Nagmula sa mahirap na angkan si Padre Florentino.

## Susi sa Pagwawasto

**Balik-tanaw**
Iba-iba ang sagot ng mga mag-aaral

**Gawain 1**
1. E
2. B
3. D
4. C
5. A

Para sa paliwanag, sariling pang-unawa

**Gawain 2**
Sariling Pag-unawa

**Gawain 3**
Iba-iba ang sagot ng mga mag-aaral

**Panimulang Pagsubok**
1. A
2. C
3. A
4. D
5. B

**Pangwakas na Pagsusulit**
1. TAMA
2. TAMA
3. MALI
4. MALI
5. MALI

## Sanggunian

Marasigan, Emily V. et al. Pinagyamang Pluma 10. Quezon City. Phoenix Publishing House. 2017

Marina Gonzaga-Merida. et al. Bulwagan Kamalayan sa Gramatika at Panitikan 10 Quezon City. Abiva Publisihng House House, Inc. 1936

https://www.youtube.com/watch?v=a2lv_Xl1e4U